U.S. Citizenship and Immigration Services

# USCIS Update

## Inilathala ng USCIS ang CNMI Transitional Worker Final Rule

*Na Nagpapahintulot sa mga Employer na Magpetisyon para sa mga Banyagang Manggagawa na Naninirahan sa CNMI.*

**WASHINGTON**—Ang U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) ay nagpaskil ng huling patakaran sa kasalukuyang Talaang Pederal na nagtatatag sa klasipikasyon na Transitional Worker (CW) para sa mga manggagawa sa Commonwealth ng Northern Mariana Islands ( CNMI). Ang klasipikasyong CW ay nagpapahintulot sa mga employer sa CNMI na kumuha ng mga nonimmigrant na manggagawa na hindi karapat-dapat magtrabaho.

Ang banyagang manggagawa ay maaaring karapat-dapat para sa katayuang CW kung siya ay:

- Di karapat-dapat para sa nonimmigrant o immigrant na klasipikasyon sa ilalim ng Immigration and Nationality ACT (INA) ;
- Ang pagpasok o pananatili sa CNMI upang magtrabaho bilang kinakailangang banyagang nasyonal na manggagawa upang makatugon sa residenteng lakas-paggawa;
- Ang makikinabang ng petisyon na isinumite ng lehitimong employer na nagnenegosyo sa CNMI;
- Hindi gumaganap sa the Estados Unidos, maliban sa CNMI;
- Legal na gumaganap sa CNMI, o kung hindi gumaganap, nagnanais na makapasok sa CNMI na may visa; at
- Katanggap-tanggap sa Estados Unidos o ginawaran ng anumang kinakailangang waiver sa dahilan ng di pagtanggap.

Ang employet ay maaaring karapat-dapat upang magpetisyon sa manggagawang CW kung ang employer:

- Ay nagsasagawa ng lehitimong negosyo, na ipinaliwanag sa huling patakaran;
- Na isinaalang-alang ang lahat ng mayroon na U.S. manggagawa para sa posisyon;
- Nag-aalok ng mga termino at mga kondisyon ng pagtatrabaho alinsunod sa negosyo ng employer sa CNMI;
- Ay tumutupad sa pederal at mga kinakailangan sa pagtatrabaho sa CNMI;
- Magsumite ng Porm I-129CW, Petisyon para sa CNMI-Only Nonimmigrant Transitional Worker, at Cw-1 Pantustos na Klasipikasyon sa USCIS; at
- Magbigay ng wastong kabayaran sa pagsusumite.

Karamihan sa kaso, ang mga employer ay maaaring magsumite para sa maraming makikinabang sa parehong porm. Ang bayad sa paghahain na kinakailangan upang makakuha ng katayuang CW kabilang ang:

- $325 na bayad sa Porm I-129CW;
- Ang kabayaran sa CNMI education funding na $150 sa bawat makikinabang bawat taon; at
- Ang bayad sa biometriks na $85 kung ang manggagawa ay nakatira sa CNMI.

Ang limitadong bilang ng CW visa ay mayroon sa isang piskal na taon, base sa manggagawang nonresident na tantiya ng pamahalaang CNMI. Ang limitasyong bilang para sa piskal na taon o Fiscal Year(FY) 2011 ay 22,417 at para sa Fy 2012 ay 22,416. Ang huling patakaran ay ipinatutupad na ang limitasyon ay dapat umuntos bawat taon at ang Kagawaran ng Seguridad sa Homeland ay matukoy ang

limitasyong piskal na taon para sa mga manggagawang CW para sa susunod sa piskal na mga taon simula sa FY 2013.

Ang klasipikasyong CW na visa ay balido lamang sa CNMI at magbibigay ng walang batayang para sa paglalakbay at pagtatrabaho sa alinmang bahagi ng Estados Unidos, maliban sa mga nasyonal ng Pilipinas na maaaring makapaglakbay sa pagitan ng Pilipinas at ng CNMI sa pamamagitan ng Guam na paliparan. Ang panghuling patakaran din ay nagbibigay ng pagkakataon sa binagong katayuang CW sa mga asawa at mga batang anak ng manggagawang CW.

Ang panghuling patakaran ay maaaring makita sa www.gpoaccess.gov/fr/.

Ang USCIS ay ang ahensiya sa loob ng Kagawaran ng Seguridad ng Homeland na responsible sa mga benepisyong pang-imigrasyon. Para sa higit pang impormasyon, at mga patalastas sa mga benepisyong pang-imigrasyon na ayon sa CNMI, maaaring tingnan ang webpage ng ahensiyang CNMI sa www.uscis.gov/cnmi. Para sa higit pang impormasyon sa USCIS at mga programa nito, maaaring tingnan ang www.uscis.gov O sundan kimi sa Twitter (@uscis), YouTube (/uscis) at ang USCIS blog *The Beacon*.

- USCIS -